# Bakit **kailangang** pumasok ang aking **anak** sa isang **programang pangkindergarten**?

Ang pag-aaral sa mga unang taon ay mahalaga. Ito ay mahalaga para sa isang bata sa bandang huli sa aspeto ng edukasyon, trabaho at buhay. Ang nangyayari sa isang bata sa mga unang taon ay makakaapekto kung paano umuunlad ang utak.

Sa Victoria ang pamahalaan ay nagbibigay ng pondo para sa bawat bata upang makapasok nang isang taon sa kindergarten. Ito ay kadalasang ang taon bago magsimula ang bata sa paaralan.

Ang programang pangkindergarten ay maaaring maganap sa isang pangkomunidad na kindergarten, sa isang sentro para sa pangangalaga ng bata o sa ilang mga paaralan. Ang lahat ng mga pinondohang mga kindergarten ay magdidispley ng sertipiko ng kindergarten (tignan sa likod na pahina) at may isang kwalipikadong guro para sa maagang pagkabata.

## Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang pangkindergarten at iba pang mga serbisyo para sa mga bata sa iyong lokal na lugar, makipag-ugnayan sa iyong lokal na pamahalaan o sa iyong lokal na tanggapan ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao (Department of Human Services). Maaari ka ring makakuha ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagkontak sa Sangay ng mga Serbisyo para sa mga Unang Taon (Early Years Services Branch) sa Tanggapan para sa mga Bata (Office for Children) sa 1300 731 947 o sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao sa: **www.dhs.vic.gov.au/earlychildhood**

## Isang malawak na karanasan

Ang programang pangkindergarten ay magbibigay sa iyong anak ng maraming uri ng mga karanasan. Ang mga karanasan ay tutulong sa iyong anak na umunlad at matuto sa lahat ng larangan. Tinatawag ito ng ilang mga tao bilang pagbibigay-pansin sa 'kabuuang bata'.

Kabilang sa ibang mga bagay, ang iyong anak ay matututong:

- gumamit ng lengguwahe
- makibagay sa iba
- magkaroon ng tiwala
- magdrowing, magpinta, kumanta at sumayaw
- magtuklas, magsiyasat at maglutas ng problema.

Ang iyong anak ay matututo tungkol sa

- kaniyang sarili
- ibang tao
- sa daigdig.

Ang iyong anak ay matututo din ng mga kasanayan at makakakuha ng impormasyon na makatutulong sa kanila upang maging mahusay sa pagbabasa at pagsusulat.

## Pag-aaral ng pakikibagay sa iba

Ang iyong anak ay matututong makibagay sa ibang mga bata sa pamamagitan ng

- pagiging mapagkalinga at mabait
- pagiging positibo tungkol sa mga taong hindi nila katulad
- pagpapakita ng mga damdamin sa mabuting mga paraan
- pagtulong sa iba at pagtanggap ng tulong mula sa iba
- pag-aaral ng mabuting mga paraan ng paglutas ng mga salungatan
- pakikipagtulungan sa iba upang matapos ang mga gawain.

## Ang bawa't bata

Makikilala ng guro para sa maagang pagkabata ang iyong anak. Makikilala ka niya at ang iyong pamilya, at matututunan ang tungkol sa iyong kultura at komunidad. Malalaman ng guro ang mga kalakasan, hilig, talento at pangangailangan ng iyong anak. Ang iyong anak ay ituturing na isang espesyal na tao na hindi katulad ng sinumang iba.

## Pagsuporta sa mga magulang

Ikaw ay magkakaroon ng pagkakataong makilala ang ibang mga magulang. Makakausap mo ang guro at makakakuha ng suporta para sa anumang mga alalahanin tungkol sa iyong anak. Mas magiging mahusay ang iyong anak sa kindergarten kung ipapaalam mo sa mga kawani kung ano ang iyong gusto at kung ano ang tingin mo sa iyong anak.

Ang kindergarten ay nakatutulong din upang malaman kung ang isang bata ay nangangailangan ng karagdagang tulong. Ang mga programang pangkindergarten ay may mga ugnay sa ibang mga uri ng tulong. Matutulungan ka ng mga kawani kung kailangan mo ng ibang mga serbisyo para sa iyong anak, sa iyong pamilya at sa iyong sarili.

## Pagtanaw sa hinaharap

Karamihan sa mga bata sa programang pangkindergarten ay magsisimulang pumasok sa iskuwela sa susunod na taon. Makakatulong ang kindergarten sa kanila upang gawin ang susunod na hakbang na iyon nang matagumpay. Kapag ang mga bata ay nakatitiyak sa kanilang mga sarili makakayanan nila ang mga bagong sitwasyon. Maraming mga serbisyo na may mga programang pangkindergarten ay nakikipagtulungan sa mga lokal na paaralan upang ang mga pamilya at mga bata ay madaling makapasok sa iskuwela.

Ang Tanggapan para sa mga Bata…tumutulong sa mga pamilyang taga-Victoria na mabigyan ang kanilang mga anak ng pinakamahusay na simula ng kanilang buhay

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be

Department of Human Services

This document is managed by the Department of Education and Early Childhood Development, Victoria (as of 27 August 2007)

# **Sertipiko** ng Kindergarten

**Hanapin** ang ganitong **sertipiko** kapag pumipili **ng kindergarten** o **programa para sa pangangalaga ng bata** para sa iyong **apat na taong gulang na anak.**

Ang Kindergarten Certificate ay nangangahulugan na ang programang pangkindergarten sa serbisyo ay ibinibigay ng isang kwalipikadong guro para sa maagang pagkabata at pinondohan ng Pamahalaang Estado. Bilang pagkilala sa kahalagahan ng mga unang taon ang pamahalaan ay nagbibigay ng pondo para sa bawa't bata upang makapasok nang isang taon sa kindergarten. Ito ay kadalasang ang taon bago magsimula sa iskuwela ang bata.

## Para sa karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga programang pangkindergarten sa iyong lokal na lugar, makipag-ugnayan sa iyong lokal na pamahalaan sa mga sumusunod na website:

**www.mav.asn.au/**

**www.vicnet.net.au/government/localgovt**

Bisitahin ang 'early years' website ng Office for Children – **www.dhs.vic.gov.au/earlychildhood**

o tumawag sa Sangay ng Mga Serbisyo para sa Mga Unang Taon (Early Years Services Branch) sa Office for Children sa 1300 731 947 (sa halaga ng lokal na tawag).

A Victorian Government initiative

Victoria The Place To Be

Department of Human Services

This document is managed by the Department of Education and Early Childhood Development, Victoria (as of 27 August 2007)